

# Sulyap sa mga Eksperyensiya at Kakayahang Estratehiya ng *Remote Learners* sa Pagkatuto ng Bagong Kadawyan

Asia Pacific Journal of  
Management and  
Sustainable Development  
Vol. 10, No. 3, pp. 87-95  
September 2022  
Lumina Special Issue  
ISSN 2782-8557 (Print)

Juliet O. Mandado<sup>1</sup>, Fe A. Varona<sup>2</sup>

Cebu Technological University-Main Campus  
[mandadojul32@gmail.com](mailto:mandadojul32@gmail.com) [varona8421@gmail.com](mailto:varona8421@gmail.com)

Date Received: November 15, 2021 ; Date Revised: February 15, 2022

**Abstract** – This paper discusses the information on practices of remote learners with their coping mechanism during the year 2020. The goal was to identify student academic challenges and the unforeseen benefits of distance learning, and to use that information to inform practices that can be implemented during crises that impact university education. This study anchors the self-efficacy theory of Bandura that explains the actions and behavior towards performance to developed an impact as accomplishments. It also aims to (1) assess day-to-day experiences, (2) identify the strategic ability perform, (3) and determine the student's status in the new normal. The scale percentage research method was used in the study. Composed of 74 remote college learners were selected using purposive and convenience sampling. The study found out that their experiences and learning strategies were self-motivated and will continue to study amidst challenges. The output of the study is to make more available materials for teaching remote learners that facilitate access to the student either online or offline classes during the new normal.

**Keywords** – Bandura, distance learning, online, offline, self-efficacy

**Abstrak** -Tinatalakay ng papel na ito ang impormasyon tungkol sa mga kasanayan ng mga malalayong mag-aaral kasama ang kanilang mekanismo sa pagharap sa taong 2020. Ang layunin ay tukuyin ang mga hamon sa pag-aaral at ang mga hindi inaasahang benepisyo ng *distance learning*, at gamitin ang impormasyong upang ipaalam ang mga kasanayan na maaaring ipatupad sa panahon ng mga krisis na epekto sa edukasyon sa unibersidad. Ang pag-aaral na ito ay nakaangkla sa teorya ng *self-efficacy* ni Bandura na nagpapaliwanag ng mga aksiyon at pag-uugali patungo sa pagganap ay makabuo ng isang epekto bilang tagumpay. Nilalayan din nitong (1) masuri ang mga pang-araw-araw na karanasan, (2) tukuyin ang estratehikong kakayahan na gumaganap, (3) at matukoy ang katayuan ng mag-aaral sa bagong kadawyan. Ginamit sa pag-aaral ang *scale percentage research method*. Binubuo ng 74 na malayong mag-aaral sa kolehiyo ang napili gamit ang purposive at convenience sampling. Nalaman ng pag-aaral na ang kanilang mga karanasan at diskarte sa pag-aaral ay *self-motivated, self-advantages* at may paghahanda sa gitna ng mga hamon. Ang awtput ng pag-aaral ay makagawa ng kagamitang pampagtuturo sa mga malalayong mag-aaral na hindi abot ang koneksiyon ng internet na nagpapadali sa pag-akses sa alinmang *online* o *offline* na mga klase sa panahon ng mga hamon sa panahon ng bagong kadawyan.

**Mga susing salita** – Bandura, distance learning, online, offline, self-efficacy

## PANIMULA

Ang pananaliksik na ito ay may layuning makolekta at magalugad ang pananaw ng mga estudyanteng nag-aaral sa Cebu sa ilang aspeto - ang kakayahang manindigan at mangatuwiran sa wastong paraan, pagiging malikhain, pagpapaunlad, at kagustahang makamit ang kaalaman gamit ang sariling kakayahang umunawa sa lahat ng pagkakataon na makatutulong sa pag-unlad bilang estudyante. Kung gayon, ang mga estudyante ay

maparaan sa kanilang pagkatuto na mahanapan ng solusyon ang problema.

Ang teoryang *self-efficacy* [1] ay tumutukoy sa kakayahang ng isang indibiduwal na maibanghay at maiangkop ang kilos sa hinihingi ng panahon at pagkakataon. Pinupunto ng teoryang ito na kayang maimpluwensiyang ang ibang tao mula sa sariling mga kilos o gawa. Binigyang kahulugan rin nito, na ipinapaliwanag ng teorya ng *self-efficacy* [2] kung paano nabubuo at nababago ang sariling gawa at

kakayahan, gayundin kung paano nakaapekto ang *self-efficacy* sa pagbabago ng pag-uugali, mga nagawa sa pagganap, at personal na kagalingan. Ito rin ay batay sa paniniwala ng isang indibiduwal sa kanilang sariling kakayahan upang makamit ang nasabing layunin kasabay ng motibasyon na nakabatay sa pagnanais ng isang indibiduwal na makamit ang isang tiyak na layunin [3].

Ang taong 2020 ay masalimuot dahil marami ang nangyari at isa na ang pandemya na nagdulot ng pagkabahala sa mga mamayan. Ang pandemya ay lumikha ng isang hindi magandang sitwasyon kung saan ang pang-edukasyong pananalikisik ay walang salita tungkol sa kung gagamit ng mga teknolohiyang pang-edukasyon o mula sa anong edad, ngunit kung aling mga teknolohiya ang pipiliin, kung alin ang mas makatutulong sa pag-aaral, at kung aling mga teknolohiya ang makakatulong upang mas maayos ang mga proseso ng pag-aaral para sa mga mag-aaral [4]. Isinaad pa mula sa ulat ng *World Health Organization* [5] na *"The best way to prevent and slow down transmission is to be well informed about the disease and how the virus spreads. Protect yourself and others from infection by staying at least 1 meter apart from others, wearing a properly fitted mask, and washing your hands or using an alcohol-based rub frequently.* Laganap ang mga balita sa iba't ibang panig ng mundo ukol sa nakamamatay na *virus* na nakapagpabagal sa iilang sektor, hanapbuhay, pati ang edukasyon na isa sa mas naapektuhan sa pandemya. Isang malawak na paniniwala sa sistema ng edukasyon na ang pagpapahusay sa pagtuturo at pagsasagawa ng mga pagpapalano ay ikatatagumpay ng pagganap na maaaring makamit ng mga estudyante at ng mismong guro.

Maiugnay naman ito sa ulat na mahigit 1.5 bilyon na mga nag-aaral ang apektado dahil sa pagsasara ng paaralan at unibersidad [6]. Ang mga pangyayaring ito ay naglagay sa kabataan sa isang hindi magandang estado ng pagkatuto. Kaugnay nito, mahalagang maisaalang-alang ang pagbibigay ng mga solusyon sa mga problema ng bawat isa partikular na sa mga estudyante [7]. Nagtaas ito sa mga alalahanin kung paano kakayanin ang bagong kapaligiran sa *online* na pag-aaral lalo na at ang ilan sa mga estudyante ay mula pa sa iba't ibang kalagayang sosyal katulad sa mga lugar na hindi malakas ang *internet connection*. Ang pag-aaral ng mga estudyante ay nawawalan na ng lugar sa mismong paaralan para makapag-aral ng *face-to-face* o harapang pagkikita na pinatitibay ng pahayag na ito [8]:

*"Big lectures undone way communication formats were the first to be translated to the digital realm, formats best suited to higher education. At the same time primary and secondary schools struggled to make the transition to some form of remote teaching while offering guidance, help and personal connections to the students in this unprecedented situation"*.

Sa kabilang banda, ang Commission on Higher Education (CHED) [9] ay nagpahatid ng direktiba sa mga unibersidad na magsimulang maghanda ng gawain para sa *distance learning*. Ang mga institusyong pang-edukasyon sa buong bansa ay lumikha ng mahusay na mga hakbang upang matiyak na magpapatuloy ang mga mag-aaral sa pag-aaral sa pamamagitan ng dihital na paraan. Saklaw ng edukasyon ang pagtuturo at pag-aaral ng kaalaman, wastong pag-uugali at kakayahang panteknikal na ang dahilan kung bakit ang pagtiyak sa kapakanan ng milyong mga nag-aaral sa mataas na edukasyon ay kailangang tulungan sa panahong ito.

Batay na rin sa mga kalagayan na kinakaharap sa panahon ng pandemya na nakapaghahatid ng mga pagbabago at impluwensiya sa larangan ng edukasyon, nakapagbunsod ito upang maipahatid ang impormasyon sa ilalim ng *paradigm shift* ng CHED sa pagsusulong at pagpapatupad ng *flexible learning* sa lahat ng pampubliko at pampribadong mataas na edukasyon.

Subalit taliwas sa naging pahayag nina Carter at Rice [15] na ang sistema ng edukasyon ay tila hindi handa sa mga maaaring maganap na mga kahihinatnan sa panahon at dinaranas na krisis. Nagpapahina ng lakas ang dulot ng pandemya na isa pang masalimuot na larawan ang nagpapagulo pa sa katotohanan na hindi lahat ng mga estudyante ay maaaring magbigay at umangkop sa mabilis na pag-unlad ng teknolohiya sa dihital na panahon ngayon sa kabila ng malaon nang kinakaharap na suliranin bago pa nagkaroon ng pandemya.

Upang higit na maunawaan ang pag-aaral, binigyang katuturan ang mahahalagang salita. Ang *remote learners* ay mga estudyante na wala sa loob ng paaralan at natuto lamang sa gawaing naatas sa kanila sa *online/offline platform*. Maaari itong mga estudyante na malayo sa kabihasan na hindi abot ang kakayahang teknolohiya bunsod sa sakop o uri ng pamumuhay. Ang *eksperyensiya* o karanasan ay tumutukoy sa mga *online/offline* na saloobin ng mga estudyante sa kabila ng mga positibo o negatibong natamo sa gitna ng bagong kadawyan na paraan ng

pagtuturo at pagkatuto. Isinaad dito ang mga naging pagdanas sa buhay na lumalaban sa gitna ng problema at mas naging matatag sa hamon ng pagkatuto. Samantala, ang *kakayahang estratehiya* ay tumutukoy sa indibiduwal na pamamaraan ng mga estudyante para sa kaukulang paggamit sa mga gawain gamit ang teknolohiya na may interaktibong pagkatuto sa klase. Ang *bagong kadawyan* naman ay paglalarawan sa kasalukuyang sitwasyon kung saan ay dapat masanay na sa transpormasyon at pagbabago sa gitna ng hamon.

### LAYUNIN NG PAG-AARAL

Layunin ng pag-aaral na ito na masuri at mataya ang mga paghahanda ng mga estudyante ayon sa eksperyensiya at kakayahang estratehiya sa kabila ng mga hamon sa pagkatuto sa mga asignatura sa bagong kadawyan at masilip ang estado ng mga estudyante sa pag-aaral bunsod ng *distance learning* nitong pandemya.

Sa pag-aaral na ito, nilalayong sagutin ang sumusunod na tanong:

1. Ano-ano ang eksperyensiya ng *remote learners* sa pag-aaral sa araw-araw nitong pandemya?
2. Ano-ano ang kakayahang estratehiyang ginawa ng *remote learners* sa araw-araw sa pag-aaral?
3. Ano-ano ang estado sa buhay ng *remote learners* sa pagkatuto sa bagong kadawyan?

### MGA KAGAMITAN AT PAMAMARAAN

#### Disenyo ng Pag-aaral

Ginamit sa pag-aaral na ito ang kuwalitatibong metodo sa pamaraang deskriptibo sa pagsusuri ng mga kahandaan at kakayahan ng *remote learners* ng piling mga estudyante ng Cebu sa panahon ng pandemya noong 2020. Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa pamamagitan ng pagsusuri ayon sa *statistical data* ni Spearman rank correlation sa mga ginagawa ng mga estudyante sa pagkatuto sa panahon ng pandemya na kung saan ang kasali na *variables* ay ordinal. Nakapokus ang ideya na ito sa pagsusuri sa mga estado ng estudyante sa pag-aaral gaya ng *online* o modyular na pagkatuto at ilang kahandaan nila sa pag-aaral.

Inumpisahan ang pag-aaral sa pamamagitan ng paglikom ng mananaliksik ng mga datos gaya ng panayam mula sa piling mga estudyante. Ang mga estudyanteng pinili ay nagmula sa iba't ibang lugar ng Cebu na may iba't ibang kategorya. Ang mga tagatugon ay nagmula sa pribado at pambublikong

paaralan sa Lungsod Cebu at probinsiya ng Cebu. Ibinahagi ang sarbey sa pamamagitan ng pag-post sa Facebook ng mananaliksik. Sa pamamagitan ng mga katanungan ay nakalap ang kanilang mga kasagutan. Ang mga tagatugon sa pag-aaral na ito ay hiningan ng pahintulot na magamit ang kanilang datos para maisagawa ang pananaliksik. Sa kabuoan, nakalikom ang mananaliksik ng 74 na tagatugon na kasali sa pag-ambag ng mga kakayahan at karanasan sa pag-aaral sa panahon ng pandemya bilang *remote learners* mula sa iba't ibang Lungsod Cebu at probinsya nito.

Matapos malikom ang kanilang mga datos, sinuri ng mga mananaliksik ang eksperyensiya sa pang-araw-araw, ang kakayahang estratehiya at estado ng *remote learners* sa bagong kadawyan na nakapaloob dito. Kasunod nito ang pagkategorya at pagpapakahulugan sa bawat kinalabasan ng isinagawang pagsusuri. Ang mga nakolektang datos mula sa *remote learners* ay masusing pinag-aralan bilang bahagi at ambag sa pag-aaral sa mga naging karanasan nila na gagamitin bilang gabay sa paggawa ng disenyong aralin sa panahon ng bagong kadawyan partikular na sa Cebu.

#### Pinanggalingan ng mga Datos

Kabuoang 74 na tagatugon na estudyante sa kolehiyo ang kasali upang maisakatuparan ang mga layunin ng pag-aaral at pinili ayon sa mga kategorya: 1) masuri ang mga eksperyensiya sa araw-araw; 2) makilala ang kakayahang estratehiyang ginawa; 3) at estado o kalagayan ng mga estudyante sa pag-aaral bunsod ng bagong kadawyan.

Masusing sinuri ang mga datos at kinategorya ang mga tugon sa tatlo ayon sa pagsulyap sa mga kakayahang estratehiya ng *remote learners* na; 1) pagkatuto at paghingi ng suporta; 2) ang pagsulyap sa mga piling saloobin sa eksperyensiya ng *remote learners* sa kahirapan at kawalan ng teknikal, oportunidad na pagkatuto sa *online/offline*, at 3) pag-alala sa pinansyal at pansariling pagkatuto at ang estado ng *remote learners* sa kolehiyo sa *online/module* na pagkatuto.

#### Limitasyon ng Pag-aaral

Binigyang-pokus sa pag-aaral na ito ang pagsusuri sa mga paghahanda ayon sa mga karansan, kakayahan at estado ng *remote learners* ng Cebu sa panahon ng pandemya taong 2020. Higit pa rito, dapat tandaan na ang sampol na ito ay hindi kumakatawan sa buong populasyon, ngunit ito ay itinuturing na katanggap-

tanggap upang ipakita ang layunin ng pag-aaral na ito. Ang mga mananaliksik ay hindi nilayon gawing pangkalahatan ang mga resulta ngunit upang mailarawan nang may husay ang mga kahirapan sa malayong pag-aaral ng mga estudyante sa unibersidad sa gitna ng krisis.

## RESULTA AT PAGTALAKAY

Inilahad sa bahaging ito ang prosesong isinagawa sa pagsusuri sa mga kakayahan, eskperensiya at estado ng *remote learners* na tumugon at nakolekta. Ginawang sandigan ng pag-aanalisa ang mga suliraning inilahad ng pag-aaral na ito.

Mailalatag din sa bahaging ito ang mga pagtalakay sa resulta at interpretasyong nabuo batay sa pagsusuring isinagawa.

### Eksperyensiya ng *Remote Learners* sa Pagkatuto

Talahanayan 1. Pagsulyap sa Eksperyensiya sa *Remote Learners*

Saloobin	Kadalasan	Kategorya	Antas
1. Nagkakaroon ng madalas na kahinaan sa signal ng internet na mahirap isagawa ang gawain	5	Halos ginagawa	1.5
2. Naghahanap ako ng paraan kapag walang gamit na laptop o <i>cellphone</i>			
3. Nalilinig ang kakayahan ko sa pagkatuto araw-araw			
4. Nakagagawa ng interaktibong pagkatuto			
5. Nagkakaroon ng oportunidad na nakakonekta sa anumang natutuhan na may praktikalidad	4	Napakadalas na ginagawa	3
6. Natuto ako sa aking sarili o sariling kakayahan			
7. Nag-aalala ako kapag may <i>online</i> na klase			
8. Nagkakaroon ng kakulangan sa pinansiyal na suporta			
9. Nakagagawa ng interaktibong pagkatuto sa isa't isa	3	Medyo madalas na ginagawa	4
10. Natuto ako kahit walang guro at mga eksperensiya			

Ang pag-aaral sa mga eksperyensiya ng *remote learners* sa pagkatuto ay lumabas mula sa mga inihandang katanungan na ang mga estudyante ay may pagtutol sa madalas na gawaing inihanda ng propesor sa iba't ibang asignatura na nagbibigay ng maraming gawain sa magkaparehong oras at takdang panahon ng pagsusumite ng mga awtput. Ang ilang eksperensiya ng mga estudyante sa *distance learning* ay ang pagkakaroon nila ng karagdagang kaalaman at kasanayan sa paggamit ng kagamitang elektroniko at maaari silang pumili ng oras at lugar para sa paglutas ng mga gawain sa klase ngunit ang isang kahinaan ay ang pagkawala ng kontak sa tao at hindi agad nakakukuha ng puna mula sa mga guro kung ihahambing sa nakagawiang pagdalo sa klase.

Matapos masuri ang mga nalikom na karanasan o eksperyensiya ng *remote learners* ay naikategorya ito ayon sa; (a) kahirapan at kawalan ng teknikal, (b) oportunidad na pagkatuto sa *online/offline* at (c) pag-aalala sa kakulangang pinansiyal

Sa hanay ng mga saloobin na nabanggit, ang mga tagatugon na estudyante ay may kadalasang naging tugon na nasa antas na lima (5) na may deskripsiyong **Halos Ginagawa** na may pahayag na *kahirapan at kawalan ng teknikal*.

Ang kinalabasan ng kabuoang pagsusuri na ito ay pinatunayan ng pahayag ng ilang mga estudyante na ang paggawa ng paraan upang makasali sa *online at offline* na pagkaklase gaya ng paghingi ng unawa ng guro sa mga panahon na mahina ang signal ng gawain na iniatas ng mga guro. Katulad na rin ng nabanggit sa pananaliksik [16] na may kapasidad upang magkaroon ng sariling kontrol na matuto o *self-regulated learning* ang mga estudyante.

Maiugnay rin naman ito sa isinagawang pananaliksik [15] na nagpahiwatig na ang mga estudyante ay hindi nakaramdam ng mga teknikal na kahirapan bilang isang malaking kawalan. Masasabing sa panahon ng kahirapan sa pag-aaral ay nagpapakita pa rin ng diskarte ang mga estudyante upang maisakatuparan ang pagkatuto at mga kasanayan na kailangang matamo.

Samantalang masisilayan naman ang kadalasang resulta sa tugon ng mga estudyante na may antas na apat (4) na may kategoryang **Napakadalas na Ginagawa** na may pahayag na *oportunidad na pagkatuto sa online/offline*. Mabibilang ang ilang mga saloobin na sa kategoryang ito na nagpapahiwatig na may pagkatuto at paglinang na nararanasan ang mga estudyante kung kaya't may interes sila upang matuto

at lumikha ng mga gawaing inaasahang matamo sa klase. Sa puntong ito, nakita na ang kabuoang resulta sa kabila ng pagkaklaseng *online* at *offline* ay mahihinuha naging napakadalang ginagawa ang estratehiyang malinang ang pagkatuto sa mga kaalamang ibinabahagi at natatamo sa klase. Nagpapahayag lamang mula sa mga napiling tugon na may malawak na interes ang mga estudyante sa *remote learning*. Taliwas naman ito sa naging resulta ng pananaliksik [15] na ang mga natuklasan sa pag-aaral na ito ay nagpahiwatig na ang mga mag-aaral ay hindi lubos na nasisiyahan sa kanilang karanasan sa pagkatuto sa panahong ito ng transisyon sa kabila ng nabanggit, hindi naging salik ang kahirapan sa teknikal na kagamitan. Nabanggit rin na ang ilang mga kaakibat na salik ay maikokonsidera sa transisyon ng pagtuturo at pagkatuto. Gaya ng naging pahayag [23] na ang edukasyon ay isang mahalagang plataporma sa panahon ng krisis at para sa mga taong walang kakayahan at nakapagdudulot pa rin ng positibong pangyayari sa mga estudyante ang karanasang *online*. Samakatuwid, isang tugon ang pag-aaral na ito na makita rin at mahinuha mula sa mga tagatugon na may mahalagang paglingon sa kanilang kinabukasan upang magsikahay sa kanilang pag-aaral na di alintana ang mga kahirapan.

Batay naman sa naging kadalasang tugon na nasa antas na tatlo (3) na may categoryang **Medyo Madalas na Ginagawa** mula sa dalawang huling saloobin sa ekpertyensiya ng *remote learners* sa pagkatuto. Nagpapahayag ang mga saloobing inilatag na may kakayahang matuto sa pansariling pamamaraan ang mga estudyante. Ipinahayag din na may kakayahan silang matuto sa sarili kahit na walang guro at mga reperensiya. Nangangahulugan lamang ito na sa kabila ng kinakaharap na mga suliranin, mga pagsubok, kakulangang pinansiyal at ilan pang mga kadahupan sa materyal at suporta na kinakailangan sa kanilang pag-aaral ay patuloy na nakikibaka at nakikiangkop sa kasalukuyang bagong kadawyan. Batay pa sa naging pananaliksik, [24] napatunayan na ang mga karanasan sa *remote learning* ay nagdulot ng hadlang sa mga aspetong teknolohikal, pedagohikal at sosyal sa pakikipagsapalaran sa partikular na institusyon. Sa kabilang banda, nagpapatunay lamang na hindi maipagkakailang sa kabila ng pagsusumikap na malabanan ang mga pagsubok sa kahirapan sa *remote learning* ay hindi maipasusubali na may mga

negatibong naidudulot ito sa mga estudyante. Maidagdag pa ang pahayag nina Norhajawati at Halim Kamisah na iminumungkahi na ang mga mag-aaral ay dapat ding umangkop sa kanilang mga sarili sa bagong pag-aaral dahil naging uso na ang pagyakap sa anumang kalakaran sa edukasyon [13].

Sa ganitong punto, masasabing likas na may kakanyahan ang mga estudyante na makibagay, at sa kabila ng pagtanggap sa sitwasyong kinabibilangan ay patuloy na nakikibaka, at lumilikha ng sariling diskarte upang matuto sa gitna ng kasalukuyang sitwasyon. Bagaman may mga hadlang sa mga panahon ng kanilang pag-aaral at pagkatuto ay mahihinuha mula sa kanilang mga naging tugon na may malawak na kamalayan sa pagkahikahos at kakulangan sa mga dihital at/o gamit sa *technology-based* na pagkatuto at pagkabalisa na rin sa aspetong pinansiyal. Nabanggit sa pag-aaral [14] na may sapat at tiyak na angking kakayahan at gawi ang mga estudyante na maiangkop at mabigyan ang kanilang mga sarili ng pagkakataon na mayakap kung anuman ang nararapat batay sa kung ano ang kinakailangan ng pagkakataon.

Masisilayan mula sa nabuong tatlong categorya na naging nasa mataas ang kadalasang tugon ng mga estudyante na nangangahulugang nasa positibo ang posisyon ng kanilang kamalayan at kaakuan sa *remote* na pagkatuto. Samakatuwid, isa itong palatandaan na may naidudulot pa rin na kaalaman at pagkatuto sa kanila ang panahon ng *online* at *offline* na pagkatuto. Batay na rin sa ikalawang categorya na sa kabila ng kawalan at kahirapan sa pag-aaral na *remote* ay nabibigyan ng pagkakataon ng mga tagatugon na maging produktibo ang pagkatuto at ang bawat gawaing tinatamo ay nasosolusyunan sa isang pagsisikap. Batay na rin sa ikatlong categorya, nasilayan na may paniniwala pa rin sila sa puwersang naidudulot ng mga nasa mataas na tungkulin sa institusyon upang magbigay ng sapat na pansin sa anumang pagkakataon at suliraning susuungin. Kaugnay na rin ng naging konklusyon na mahalagang isalang-alang ang ahensiya ng mga estudyante kasama ng mga hangarin at kakayahan ng mga magulang o iba pa na gumagawa ng desisyon para sa pag-aaral ng mga estudyante [15].

Makatutulong ang limang mga prinsipyo ng kasanayan sa pagtuturo na may mataas na epekto para sa *online* na edukasyon gaya ng mga sumusunod: kaangkupan ng *online* na disenyong pagtuturo at pagkatuto, kabisaan ng paghahatid ng impormasyon, kasapatan ng suporta mula sa mga guro, kataasan ng kalidad para sa pagganap, at kaayusan ng nakasalalay na plano [17]. Sa ganitong punto, sa kabila ng kawalan at kakulangan ng anumang mahalaga sa pag-aaral, mahihinuha rin batay sa kabuuong tugon na may higit na pagpapahalaga sa pagkatutong *online* o *offline* man ang mga estudyanteng tagatugon at isang daan ito upang maging gawing higit na makabuluhan para sa panig ng mga estudyante.

### Kakayahang Estratehiya ng Remote Learners sa Pagkatuto

Ang pangkalahatang pagsusuri sa bahaging ito ang masisilayan na kakayahang estratehiya ng *remote learners* sa pagkatuto sa ginawang pangangalap gamit ang gabay na tanong mula sa *google forms*.

Matapos masuri ang mga nalikom na kakayahang estratehiya ng *remote learners* ay inihanay ito sa tatlong tema; (a) *pagkatuto mula sa kaalamang natamo*, (b) *kooperatibong pagkatuto at nalutas ang mga hamon at mga kahinaan sa pagkatuto*, at (c) *paghingi ng suporta*.

Makikita na ang mga estratehiya ng *remote learners* sa online na pagkatuto batay sa naunang tema na, ang *pagkatuto mula sa kaalamang natamo*, na may kadalasang tugon na nasa categoryang **Halos Ginagawa** na nangangahulugang ang karamihan ng mga estudyante ay nagpapahayag na sila ay nagtatamo ng pansariling pagkatuto at naisasaganap ang mga kinakailangan sa mas lalong mataas na antas ng kaalaman. Maiuugnay ito sa tinalakay sa *self-regulated* o sariling pagkatuto na mga estudyante na nakauunawa, nagpapahalaga at nakikibahagi sa mga aralin sa kabila ng ilang mga kahirapan na namumulat na may sariling motibasyon at metakognisyon habang umuulad nang dahil sa pormal na pagkatuto [22]. Masasabing may isang pansarili at likas na katangian ang mga estudyante upang tugunan ang kanilang pangangailangan na matuto at kumilos nang ayon sa itinakda sapagkat nasa kaisipan na ng mga tagatugong estudyante na bahagi ito ng kanilang progresibong pag-unlad. Batay pa nga sa naging kabuon ng isinagawang pag-aaral, nakita na nauudyok pa rin ang mga estudyante na matuto at tapusin ang kanilang mga pagtatasa at takdang-aralin sa takdang oras na ibinigay [19].

### Talahanayan 2. Pagsulyap sa mga Kakayahang Estratehiya ng Remote Learners

Saloobin	Kadalasan	Kategorya	Antas
1. Natututo ako mula sa mga pagkakamali at pinagbubuti ang aking pagkatuto	5	Halos ginagawa	1.5
2. Nasusuri ko muli ang pagganap at patuloy na pagbubutihin pa			
3. Nakikipagtulungan ako sa iba upang mapadali ang mga inaasahang hamon sa pagkatuto	4	Napakadulas na ginagawa	3
4. Napagtatagumpayan ko ang maraming gawain sa mahabang panahon			
5. Natutugunan ko ang mga pidbak at puna ng guro			
6. Nakahihingi ako ng tulong sa guro at kaibigan kapag kailangan			
7. Nagagamit ko ang pag-aaral at pagkatuto para sa pagkakataon sa pagbabago at pag-unlad	3	Medyo madalas na ginagawa	4
8. Nakikipagtulungan ako sa iba upang malampasan ang mga hindi inaasahang hamon sa pag-aaral			
9. Nalulutas ko ang mga hamon ayon sa aking kakayahan sa pagkatuto			
10. Nakikipag-ugnayan ako sa mga tagapamahala kapag kailangan ko ang kanilang suporta			

Ang kahandaan sa pag-aaral ay pinatunayan na ang estratehiyang ginawa ay tanggap ang anumang hamon sa pag-aaral kahit nahihirapan at ito ay ginawan ng pamaraan para sa pagkatuto sa panahon ng pandemya.

Lumabas din sa pag-aaral na maraming estudyante ang nagsimulang gumawa ng iba't ibang malikhaing gawain at kumuha ng mga kurso na tumutulong sa kanila na matuto ng mga bagong teknikal na kasanayan at sinisikap ng mga estudyante na makayanan ang mga negatibong epekto na nagmumula sa kasalukuyang sitwasyon ng pandemya [11].

Samantalang natamo naman ang kadalasang resulta sa tugon ng mga estudyante na nasa apat (4) na antas na may categoryang **Napakadulas Ginagawa**. Ito ay napabilang sa kabuoang tema na estratehiyang *kooperatibong pagkatuto at nalutas ang mga hamon at mga kahinaan sa pagkatuto*, na ibig sabihin ay aktibong nakilahok sa mga gawain kahit ito ay may kahirapan sa pag-abot ng mga kailangan na itinakda

nang sabay-sabay ng bawat guro sa iba't ibang asignatura. Ganito rin ang ipinahayag nina Norhajawati at Halim Kamisah na ang regulasyon sa sarili ay proseso ng mga estudyante na nakakkuha at nagpapatupad ng mga pangunahing kasanayan sa pagpapalano at pag-oorganisa ng mga gawain sa pag-aaral, paglalaan ng oras sa pag-aaral, paghingi ng tulong kung kinakailangan, at pagsubaybay sa pagkamit ng mga layunin sa pag-aaral [13]. Isinaad sa isang pag-aaral [14] na ang mga estudyante ay nakahanap ng mas maraming libreng oras para sa mga interes at nagbibigay-daan din sa mga estudyante na isagawa ang pag-aaral sa oras na malamang na magtagumpay sila.


Ang huling kategorya na naging kadalasang tugon naman na nasa antas na tatlo (3) na may kategoryang **Medyo Madalas** na ginagawa na may pahayag na *paghingi ng suporta*, na saloobin sa kakayahang estratehiya ng *remote learners* sa pagkatuto na (c) *paghingi ng suporta* ay nagpapahayag na marunong silang humanap ng pamaraan para sa mga mahirap at hindi nauunawaan na mga impormasyon at ito ay nagbibigay sa mga estudyante ng kaparaanan na tulungan ang sarili na masolusyunan ang anumang suliraning kinakaharap sa pag-aaral. Kaugnay nito, ayon pa sa perspektibo ni Vygotsy [21] na ang pagkatuto ng isang indibiduwal ay isang prosesong nalilintang sa pamamagitan ng mga bagay, tao sa kaniyang paligid na nakapagdudulot pa ng kaniyang katalinuhan at kaalaman. Mailalahad din ang naging pahayag ni Bao na *adaptive learning* sa isang *self regulation*, sapagkat ayon sa kaniya, na mas maituturing ang adaptibong pagkatuto sapagkat mas higit na mahalaga ang impluwensiya ng mga matututuhan sa kapaligiran, at ito ay ang mga magulang, guro, gawain, at mga nasa katulad na antas habang sila ay nakikibahagi sa pag-aaral kasama na rito ang kanilang sarili at ang pinakamalapit na komunidad. Batay pa sa kaniya, ang *distance learning* para sa klase ay isang mapaghamong gawain. Lapatan man ito ng pinakamahasag na kagamitan, kung hindi naman kumpleto sa elektronikong kagamitan, may kawalan ng kahandaan ng mga guro at walang paglalapat ng angkop na kurikulum batay sa bagong kadawyan ay hindi rin mapapalitan ang mga karanasan sa panahon ng tradisyunal na pagtuturo at pagkatuto[20]. Inilahad sa resulta ng pag-aaral na isang *social challenges* ang kahaharapin, *ICT challenges* na ang pangunahing isyu ay upang maunawaan kung paano magagamit ang *online* na pag-aaral at isama sa harapang pag-aaral, bukod pa

rito ay isinasaalang-alang na marami sa mga hamon ay konektado rin sa pangangailangang malampasan ang mga teknolohikal na puwang [24].

### Ang Kalagayan o Estado ng *Remote Learners*

Makikita mula sa tsart ang dami ng populasyon na tagatugon ayon sa kanilang estado. Ang mga estudyanteng tagatugon na nasa kolehiyo na umabot ng dalawampung bahagdan (20%) ang nasa kalagayan sa pagkatuto ng mga estudyante na *online/module* ay nasa labing siyam na bahagdan (19%). Samantalang nasa may kakaibang estado sa pagiging *remote learner* sa pambulikong paaralan na may labing walong bahagdan (18%), habang ang nasa pribadong paaralan na may dalawang bahagdan (2%) lamang ang tumugon sa ginawang pag-aaral.

Talahanayan 3. Estado ng *Remote Learners* sa Pag-aaral



Inilata sa tsart na ang mga estudyante sa probinsiya ng Cebu na may limang bahagdan (5%) at estadong may trabaho na umabot sa apat na bahagdan (4%) at estado na nasa pribadong paaralan naman na may dalawang bahagdan (2%) lamang. Ipinapakita na halos sa mga estudyante ay may kakulangan sa aspetong pinansiyal, walang trabaho at karamihan ay nasa kolehiyo. Hindi naging hadlang ang kalagayan sa pagkamit ng pagkatuto ngunit ito ay naging daan upang magsumikap pa na mag-aral bunsod ng kakulangan at hamon sa pag-aaral. Isinaad sa pag-aaral nina Ferri na ang pedagohiya ay hamon hindi lamang inobasyon ang nauugnay sa mga teknolohikal na aspeto kundi pati na rin ang paglitaw ng mga bagong aspetong pedagohikal [24]. Ang *online* na pag-aaral ay nagpapahiwatig ng pagbabago sa mga

diskarte na ginagamit sa harapang mga aralin. Ang mga padron ng pedagogikal ay dapat na iba sa mga birtuwal na silid-aralan. Sa birtuwal na silid-aralan, ang tagapagturo ay mas katulad ng isang tagapagpadaloy at konsultant, at ang mga aralin ay hindi maaaring ayusin tulad ng sa isang pisikal na silid-aralan. Samakatuwid, ang pag-aaral, lalo na ang patnubay at puna, ay dapat ibigay sa ibang paraan.

## KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

Bunsod ng pagkilala sa naging tugon ng mga estudyante, natuklasan sa pag-aaral na ang mga estratehiyang ginawa ay malagpasan ang hamon, may kaparaanan at mabigyan nang pagkatataon na maisagawa ang mga gawaing itinakda ng bawat asignatura. Ang mga mag-aaral ay may malaking potensiyal na makagawa pa ng maraming pamaraan upang mapaghandaan nila ang ilang mga pagsubok sa pagkatuto sa kinakaharap na pandemya. Samakatuwid, ang pansariling pagkatuto at pagkatutong progresibo ay nagpapatunay na nasa kamay at pagpapalagay ng mga estudyante ang kakayahang makiayon, tanggapin ang mga kahirapang nararanasan bilang isang *remote learner* sa kabila ng hamon sa pag-aaral.

Ang pag-aaral na ito ay nagnanais na makatulong sa pamamagitan ng rekomendasyon batay sa mga natuklasan at nabuong kongklusyon na: a) pagsaalang-alang sa pagbibigay ng ibayong oras sa *online-offline* na klase lalo na sa kalagayang sosyal, b) maagap na implementasyon ng plano na pamahalaan na mga hakbangin na malikom ang pangangailangan ng mga estudyante at c) maihahanay ang inobatibong kagamitang pampagtuturo sa bawat araling *online o offline* para sa kalagayan ng *remote learners*.

## SANGGUNIAN

- [1] Resnick, B. (2008). Theory of self-efficacy. Middle range theory for nursing 2. Press. Pp. 183-184. Print.
- [2] Lippke S. (2020). Self-Efficacy Theory. In: Zeigler-Hill V., Shackelford T.K. (eds) Encyclopedia of Personality and Individual Differences. Springer, Cham. [https://doi.org/10.1007/978-3-319-24612-3\\_1167](https://doi.org/10.1007/978-3-319-24612-3_1167), March 2020
- [3] Lopez-Garrido, G. (2020). Self-efficacy. Simply Psychology. [www.simplypsychology.org/self-efficacy.html](http://www.simplypsychology.org/self-efficacy.html), April 2020
- [4] Daniela, L., & Visvizi, A. (2021). Remote Learning in Times of Pandemic: Issues,

- Implications and Best Practice (1st ed.). Routledge. <https://doi.org/10.4324/9781003167594> p.10-14.
- [5] World Health Organization; WHO, (2020).
- [6] United Nations Children's Fund: UNICEF. (2020).
- [7] United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization-UNESCO, (2020).
- [8] Commission on Higher Education, (2020). <https://ched.gov.ph/wp-content/uploads/CMO-No.-4-s.-2020-Guidelines-on-the-Implementation-of-Flexible-Learning.pdf>
- [9] Dhawan, S. (2020). Online learning: A panacea in the time of COVID-19 crises. Journal of Educational Technology, 49(1), 5–22. <https://doi.org/10.1177/0047239520934018>
- [10] Rotas, E.E. & Cahapay, M.B. (2020). Difficulties in Remote Learning; Voices of Philippine University Students in the Wake of COVID-19 Crisis. Asian Journal of Distance Education. <https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1285295.pdf> Vol. 15, June 2, 2020.
- [11] Aleksic-Veljkovic, et al. (2020). Student Points of View-Pedagogical, Psychological, Social and Technical Issues. 92(7), 205-210.
- [12] Sofi, A., & Laafon, M. (2020). Effect of using the online learning platform in teaching during the COVID-19 pandemic. In I. Sahin & M. Shelley (Eds.), Educational practices during the COVID-19 viral outbreak: International perspectives (pp. 167–180). ISTE Organization. <https://www.istes.org/effect-of-using-the-online-learning-platform-in-teaching-during-the-covid-19-pandemic-56-s.html>
- [13] Norhajawati A. & Halim Kamisah A. (2021). Discovering Students' Strategies in Learning English Online. Asian Journal of University Education 17(1):261
- [14] Chandra, Y. (2021), "Online education during COVID19: perception of academic stress and emotional intelligence coping strategies among college students", Asian Education and Development Studies, 10(2) 229-238. <https://doi.org/10.1108/AEDS-05-2020-0097>
- [15] Carter, R.A. & Rice, M. et al. (2020). Self-regulated in Online learning environments: Strategies for remote Learning. Prints. 203-4.
- [16] Batbaatar, Nominzul & Amin, Grace. (2021). Students' time management during online class. The International Conference of Universitas Pekalongan.



- [https://www.researchgate.net/publication/352371978\\_Students%27\\_time\\_management\\_during\\_online\\_class](https://www.researchgate.net/publication/352371978_Students%27_time_management_during_online_class)
- [17] Abrasom, A. (2021). Capturing the benefits of remote learning How education experts are applying lessons learned in the pandemic to promote positive outcomes for all students. *52(6)* 46.
- [18] Gillis, LM Krull - Teaching Sociology, 2020. COVID-19 Remote Learning Transition in Spring 2020: Class Structures, Student Perceptions, and Inequality in College Courses. [https://scholar.google.com/scholar?hl=en&as\\_sdt=0%2C5&q=students+perception+on+remote+learning&bt](https://scholar.google.com/scholar?hl=en&as_sdt=0%2C5&q=students+perception+on+remote+learning&bt)
- [19] Eltayeb, L.B. (2020). Students' perception on E-Learning and Remote Exams during COVID 19 Outbreak 2020. *International Journal of Pharmaceutical and Phytopharmacological Research (eIJPPR)* | 10(5), 142-148. [https://www.researchgate.net/profile/Hisham-Waggiallah/publication/345309044\\_Issue\\_5](https://www.researchgate.net/profile/Hisham-Waggiallah/publication/345309044_Issue_5)
- [20] Bao, W. (2020). COVID - 19 and online teaching in higher education: A case study of Peking University, *Human Behavior and Emerging Technologies*, 2(2), 113-115, <https://onlinelibrary.wiley.com/doi/abs/10.1002/hbe2.191>
- [21] Paris, S.G. & Newman, R.S. (2010). Development Aspects of Self-Regulated Learning. Pages 87-102 | [https://www.tandfonline.com/doi/abs/10.1207/s15326985ep2501\\_7](https://www.tandfonline.com/doi/abs/10.1207/s15326985ep2501_7)
- [22] Mensah, E.A et al. (2020). COVID-19 and Distance Learning: Effects on Georgia State University School of Public Health Students. School of Public Health, Georgia State University, Atlanta, GA, United States. <https://doi.org/10.3389/fpubh.2020.576227>
- [23] Rohrkemper, M.M. (1989). Self-Regulated Learning and Academic Achievement: A Vygotskian View. In: Zimmerman B.J., Schunk D.H. (eds) *Self-Regulated Learning and Academic Achievement*. Springer Series in Cognitive Development. Springer, New York, NY. [https://doi.org/10.1007/978-1-4612-3618-4\\_6.2](https://doi.org/10.1007/978-1-4612-3618-4_6.2)
- [24] Ferri, F. et al. (2020). Online Learning and Emergency Remote Teaching: Opportunities and Challenges in Emergency Situations. *Societies*, 10(4), 86. MDPI AG. Retrieved from <http://dx.doi.org/10.3390/soc10040086>

#### COPYRIGHTS

Copyright of this article is retained by the author/s, with first publication rights granted to APJMSD. This is an open-access article distributed under the terms and conditions of the Creative Commons Attribution license (<http://creativecommons.org/licenses/by/4>).